Para maiwasan ang mga pumapasok at naminsalang lamok na Aedes, alisin ang mga tigil o di dumadaloy na tubig sa looban at labasan

# Maging Alerta! Iwasan, Protektahan at I-ulat ang Mga Uri ng Lamok na Tulad ng Aedes

## 1 Iwasan

### Looban



- Baguhin ang tubig linggo-linggo sa mga paso, vase, saucer at bowl ng alagang hayop
- Gumamit ng mga screen sa mga bintana at pintuan
- Huwag mag-iwan ng tubig sa labasan ng hihigit sa 1 linggo

### Labasan (lingguhan)



- Itapon ang tubig na nakolekta sa mga lumang gulong, mga laruan at mga timba
- Baguhin ang tubig sa sa mga paliguan ng ibon (birdbath)
- Paikutin ang mga tubig sa mga fountain at pool
- Alisin ang tubig mula sa mga plato na lalagyan ng halaman, mga butas sa puno, mga control box ng sprikler, mga ludlod at mga alulod para sa ulan
- Alisin ang tubig na napuno sa mga tarp o lona ng mga nakagarahe at hindi ginagamit na sasakyan at mga bangka

### Buwanan



- Tiyakin na walang tubig ang mga screen sa mga bukasan ng bariles para sa ulan at mga timba na ginagamit sa pagkolekta ng tubig

## 2 Protektahan

- Magkabit o ayusin ang mga screen sa mga pinto, mga binatan at mga bukasan ng bariles para sa ulan at sa mga timba na ginagamit para pangolekta ng tubig
- Magsuot ng long sleeved shirt, pantalon, medyas at sapatos kapag nasa labasan, lalo na kapag madaling araw at takip silim



- Maglagay ng mga repellant tulad ng DEET, picaridin, oil of lemon eucalyptus o IR3535 sa balat at/o damit (ayon sa instruksyon na nasa etiketa ng produkto)

## 3 I-ulat

- Tumawag o magpadala ng e-mail County Vector Control Program para i-ulat ang mga pagkagat ng lamok sa umaga (lalo na iyong mga nakukuha sa loob ng bahay), mga pinagmumulan ng nanganganak at dumadaming mga lamok at mga lamok na may itim at puting guhit


**Makipag-ugnayan**


(858) 694-2888 • vector@sdcounty.ca.gov

www.sdvector.com


## Mga Katotohanan sa Maminsalang Aedes na Lamok

- Natatagpuan sa looban at labasan
- May kulay itim at puting guhit o stripes
- Mas pinipiling kagatin ang mga tao ngunit kinakagat rin ang mga hayop
- Nangingitlog sa mga maliliit na lalagyan ng tubig tulad ng mga pasong plato para sa mga halaman, mga vase, mga paliguan ng ibon (birdbath), pang-dekorasyon na fountain, mga laruan sa likuran, mga tinapong gulong at kahit na mga butas sa puno
- Maaaring mamuhay ang mga itlog kahit walang tubig ng ilang buwan

## Tagal ng Buhay




*Mula sa Greater L.A. County Vector Control*

- Ang mga itlog ay napipisa 1-2 araw makalipas itong mapunta sa tubig
- Ang mga kiti-kiti ay kumakain ng algae, maliliit na mga organismo sa tubig at mga sustansya na mulasa halaman at hayop na nasa tubig
- Ang mga itlog ay maaaring lumakisa loob lang ng 1 linggo
- Ang mga adult na lamok ay nabubuhay ng hanggang 3 linggo
- Ang mga itlog at adult na lamok ay natatagpuan sa looban at sa palibot ng mga tahanan
- Mas gusto ang may katamtamang init at maiinit na mga klima (hal. San Diego)

**I-ULAT ANG MGA MAPINSALANG AEDES NA LAMOK • (858) 694-2888**

# MAPINSALANG AEDES NA LAMOK

Ang mga mapinsalang Aedes na lamok ay hindi katutubo sa California. May kulay itim at puting guhit ang mga ito at agresibong kinakagat ang mga tao sa umaga, lalo na sa mga looban. Ang mga ito ay nanganganak sa palibot ng mga tahanan at maaaring magdala ng dengue, chikungunya, yellow fever at West Nile na mga virus.

## Pagkikilala sa Uri ng Lamok


### *Aedes aegypti*

May puting mga guhit sa katawan at binti




### *Aedes albopictus*

May puting mga guhit sa katawan at binti




1,3 Mga Litrato at ID mula kay James Gathany • Center for Disease Control
2,4 Mga Litrato at ID mula kay University of Florida • Florida Medical Entomology Laboratory

IWASAN•PROTEKTAHAN•I-ULAT

**I-scan ang QR Code gamit ang inyong smart phone para mahanap kami sa web!**





COUNTY NG SAN DIEGO
Department of Environmental Health
**Vector Control Program**
5570 Overland Avenue, Suite 102
San Diego, CA 92123
(858) 694-2888


**Iwasan** **Protektahan** **I-ulat**

# Mga Maminsalang Aedes na Lamok

*Yellow Fever na lamok*




*Asian Tiger na lamok*




COUNTY NG SAN DIEGO
Department of Environmental Health
**Vector Control Program**

WWW.SDVECTOR.COM

WWW.SDVECTOR.COM

Tagalog

WWW.SDVECTOR.COM